# BC PharmaCare

## Prosthetic and Orthotic Program

Kung kailangan mo ng isang prosthetic o orthotic device, matutulungan ka ng PharmaCare sa gastos para dito.

### Paano makakatulong ang PharmaCare

Tinutulungan ng PharmaCare ang mga tao na magbayad para sa ispesipikong items sa mga sumusunod na kategoriya:

- Prostheses at supplies—hal., prosthetic breast, limb, eye, ear, nose
- Orthoses para sa mga táong 18 taong-gulang o mas bata—hal., permanent leg brace, body brace, plagiocephaly helmet
- Offloading devices—orthotic inserts, orthotic covers, therapeutic shoes

Sa pangkalahatan, tumutulong ang PharmaCare sa pagbayad para sa eligible na device na tumutulong sa iyong makamit o mamintina ang basic function at/o na tumutulong na maiwasan ang karagdagang deformity.

Ang mga eligible na produkto ay nakalista sa www.gov.bc.ca/protheticandorthoticpins

Tumutulong din ang PharmaCare sa pagbayad para sa pagpapaayos at pagkuha ng mga kapalit sa mga ispesipikong sitwasyon.

Sa karamihan ng mga kaso, dapat aprubahan ng PharmaCare ang coverage bago ka bumili ng isang item o bago mo ito ipaayos o bago ka kumuha ng kapalit (“pre-approval”). Ang iyong prosthetist o orthotist ay mag-aaplay para sa iyo.

### Ang coverage ay nag-iiba-iba depende sa plan

Kung mayroon kang  PharmaCare coverage gamit ang Plan B (Long-term Care), Plan C (Income Assistance) o Plan F (mga Batang nasa At Home Program), babayaran ng PharmaCare ang gastos para sa karamihan ng eligible prostheses, orthoses, at offloading devices.

Kung hindi ka sakop ng isa sa mga plan na ito, siguraduhing rehistrado ka para sa Fair PharmaCare plan bago ka bumili ng device. Bisitahin ang www.gov.bc.ca/ahdc para magrehistro o bisitahin ang www.gov.bc.ca/fairpharmacare para malaman kung ikaw ay naka-register. Ang Fair PharmaCare plan ay naglalaan ng coverage batay sa iyong income.

### Paano ito gumagana

Titiyakin ng iyong doktor at prosthetist o orthotist kung ano ang iyong kinakailangan.

Para sa karamihan ng bagong devices, at pagpapaayos at pagkuha ng kapalit, mag-aaplay ang iyong prosthetist o orthotist para sa PharmaCare pre-approval bago gawin at ibenta sa iyo ang device. Dapat ay mayroon kang PharmaCare coverage sa lugar bago ka bumili, at ang prosthetist o orthotist ay dapat naka-enroll sa PharmaCare program bilang isang provider.

Kung hindi kinakailangan ang pre-approval, ang coverage ay awtomatikong iaaplay kapag ipinasok ng iyong orthotist o prosthetist sa computer ang pagbenta nito.

## Pagpapaayos

Tumutulong ang PharmaCare sa pagbayad para sa pagpapaayos ng eligible na devices kung ikaw ay sakop ng isang PharmaCare plan at ang pagpapaayos ay:

- Nakakatulong sa iyo na mintinahin ang iyong basic function
- Nagpapatagal sa useful life ng device
- Para sa isang device na sakop ng PharmaCare, nang ito'y binili
- Hindi sakop ng isang warranty

## Pagkuha ng Kapalit

Para sa eligible na prosthetic devices, karaniwang sinasakop ng PharmaCare ang pagkuha ng kapalit kapag:

- Unang inaprubahan ng PharmaCare ang coverage noong nakaraang 3 taon man lamang (2 táong nakaraan para sa isang breast prosthesis)
- Ipapaliwanag ng isang prosthetist sa application form na ang kasalukuyang device ay hindi na nakakatulong sa iyo na mintinahin ang iyong basic function

Para sa eligible na orthotic devices, karaniwang sinasakop ng PharmaCare ang pagkuha ng kapalit kapag:

- Ang pasyente ay 18-taong-gulang o mas bata
- Unang inaprubahan ng PharmaCare ang coverage noong nakaraang 1 taon man lamang
- Ipapaliwanag ng isang orthotist sa application form na ang kasalukuyang device ay hindi na nakakatulong sa iyo na mintinahin ang iyong basic function

## Items na hindi sakop

- Back-up devices
- Ang mga kinukuhang kapalit ng nawala o ninakaw na devices
- Devices na sakop ng ibang insurer, tulad ng ICBC, WorkSafeBC, Veterans Affairs Canada, o ang Non-Insured Health Benefits program ng Health Canada
- Ang devices na sakop dahil sa isang award for damages o isang court settlement

### Karagdagang impormasyon

Humanap ng karagdagang information sheets tungkol sa PharmaCare coverage para sa plagiocephaly helmets at offloading devices sa http://www.gov.bc.ca/pharmacarepatientinfo

Magbasa tungkol sa prosthetic at orthotic program ng PharmaCare sa www.gov.bc.ca/popolicy

Magbasa pa tungkol sa iba't-ibang klaseng PharmaCare plans sa www.gov.bc.ca/pharmacare/whowecover

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm: 1-800-663-7100

**Paunawa:** Kung tumatanggap ka ng benefits sa pamamagitan ng Ministry of Social Development and Poverty Reduction (MSDPR) o ng Ministry of Children and Family Development (MCFD), maaaring matulungan ka ng mga ministry na ito na bayaran ang devices na hindi sakop ng PharmaCare. Kontakin sila para sa karagdagang impormasyon.